## IV

Mientras en la infancia mía  
Pude á su sol sonreír  
Dentro de mi pecho hervir  
Volcan de fuego sentía;  
Vate fui, porque quería  
Con mis versos, con mi aliento  
Decir al rápido viento:  
«Vuela su fama pregonada,  
Cántala de zona á zona,  
De la tierra al firmamento.»

## V

¡La dejó!... mis patrios lares  
¡Árbol despojado y seco!  
Ya no repiten el eco  
De mis pasados cantares  
Yo crucé los vastos mares  
Ansiando cambiar de suerte,

## ¡PINATUTULA ACO!

## I

Pinatutugtog aco ng lira  
umid at sirang laon na  
pingquín ma,i. di cumanta  
at tinalicdan aco ng musa,  
nahibirapang magbadia.  
Cung pupuguin niyaring isip.  
arao,i, bulaang magtalic  
paris ng bulaang hibic;  
sa pagcalayo cong mapait  
tanang caramdama,i, uainis.

## II

May isang panahot,... ¡ito,i, tunay!  
nguni,t, yao,i, uala na naman,  
na aco noo,i, binansagan  
poeta, ng caibigan  
ó eaya ng capatawaran.  
Mula noo,i, uala na  
halos acong maalala,  
ang tunog na cataca-taca  
ng alingao-ngao ng orquesta  
labí ng pista, ang capara

## III

Halaman acong bagong singao  
binunot sa Silanganan,  
hangin doo,i, catamisan,  
pangarap naman ang buhay;  
¡Bayang di co malimutan!  
Tinuruan acong umaui  
ng sa ibang mga tinig  
taguinting ng mga batis;  
at sa malalauac na pasig  
ng dagat na humihibic.

## IV

Camusmusang co,i. samantalang  
sa arao niya,i, tumataua  
ang dibdib co,i, nagbabaga  
tagos hangang calulua;  
aco,i, naging poeta.  
Sa mga tula co, pagca,t, hangad  
sa matuling hangí,i, isaad:  
«Dangal niya,i, ipagtauag  
sa boong mundo,i, icalat,  
sa lupa at alapaap.

## V

Naguisnang baya,i, iniuan!  
punong tuyot, bangal-bangal  
di na umaalingao-ngao  
mga canta cong nagdaan  
tinawid co ang caragatan.



Y mi locura no advierte  
Que en vez del bien que buscaba  
El mar conmigo surcaba  
El espectro de la muerte.

## VI

Toda mi hermosa ilusión,  
Amor, entusiasmo, anhelo,  
Allá quedan bajo el cielo  
De tan florida región;  
No pidais al corazon  
Cantos de amor que está yerto,  
Porque en medio del desierto  
Donde discurre sin calma,  
Siento que agoniza el alma  
Y mi númen está muerto.

Madrid 1882.

L. L.

## ANG DAMONG PARIETARIA AT ANG

DAMONG TOMILLO

Binati nang damong ngala,i, Parietaria  
ang isang Tomillong nacalapit niya:  
ang pagbating yao,i, pagcutyang talaga,  
ganito ang uica at ang parirala:

Ingatan ca naua ng langit, Tomillo,  
sa iyo,i, totoong nahahabag aco,  
sapagca,t, бага man lubha cang mabangō  
sa lahat nang tanim na nangaririto.

Bahaguiya ca nang uma-angad dian  
sa lupa na iyong quinatataniman,  
halos ay uala cang calahating dangcal.  
Dito na sumagot ang Tomillo naman:

Aco, nga, aniya,i, munsing na totoo;  
nguni at бага man aco ay ganito,  
aco,i, tumutubo,t, nabubuhay rito  
nang ualang catulong na alin ma,t, sino.

Sa iyo, nga, aco tantong nahahabag,  
sapagca,t, icao ma,i, mag-asal mataas,  
cundi ca lumapit sa bato,t, yumacap,  
calahating dancal di ca man umangad.

May tauong catulad nitong Parietaria  
cung sa isang bagay na gaua ng iba  
siya,i, magdaragdag ng munting nacaya  
saca uiuicaing lahat gaua niya.

## ANG DALAUANG CONEJO

Sa loob ng gubat may isang conejong  
lumilipad halos sa tulin nang tacbo,  
caya pala gayo,i, hinahabol ito,  
at tinutugaygay nang dalauang aso.

Sa caniyang lunga,i, lumabas pagdaca  
ang isang Conejong casama rin niya

Nasa,i, palitan ang palad,  
nguni,t, di co nasiyasat  
na sa buting hinahanap  
libingang casindac sindac  
ang isinasaboy ng dagat.

## VI.

Sa ilalim niyong langit  
ng lupang caibig-ibig  
na lagac na humihibic  
pangarap, lugod at pag-ibig  
Huag hingan yaring dibdib.

Nang canta sa pag-irog  
pagca,t, sa guitna ng lungcot  
na quinaguluhan ng loob  
ang calulua,i, nalulunus  
at ang musa co,i, natapos.

KAPATID.

ang uica,i,: Hintay ca, anó yaen bagá,  
ha, caibigan co, at tumatacbo ca?

¿Ay ano, ang sagot nang abang Conejo  
aco,i, humihingal sa quinatatacbo,  
sinusundan aco nang dalauang galgo,  
at di patantanan nang mangá picaro.

Tumutol pagdaca ang casama naman,  
ang uica,i, Oo, nga sila,i, nangarian,  
ngayon ngayon lamang aquing napagmasdan,  
nguni,t, hindi galgos ang dalauang iyan.

¿Cung gayon ay anó? ang tanong ng isa.  
Ang sagot nang isa,i, Podencos aniya.  
tumanong na muli yaen ng isa pa:  
zat anong Podencos ang sabi mo бага?

Sagot nang casama,i, totoo, nga oo,  
ang dalauang iyan ay asong Podenco.  
Anang isa,i, galgo, at galgong totoo,  
naquitang mabuti nang mangá mata co.

Iguiniguit din nang casama naman:  
Podencos, aniya,t, hindi galgo iyan,  
icao pala nama,i, ualang namomoangan,  
sa bagay na ito,i, totoo cang mangmang.

Ipinipilit din matigas nang isa,  
ang uica,i, galgo nga, sinasabi co na,  
Anang isa,i, hindi, maulit ca pala  
uica co,i, Podencos, nacayayamot ca.

Sa pag tatalala,t, cainitang ito  
sila,i, naabutan nang dalauang aso,  
agad hinandulong hinuling totoo  
ang nangagtatalong dalauang Conejo.

Ang isang bagay ngang lalong cailangan  
di dapat lisanin nang sino,t, alinman  
dahil sa usapan ó pagtatalalan  
sa bagay na munti,t, ualang cabuluhan.

Tinagalog ni CRISPULO TRINIDAD,



## BUHAY NI S. CLEMENTE

PAPA NA TAGA ROMA SAMPUO NG MAÑA HIRAP NA DINALITA NG CANIYANG AMA AT INA AT NG CANIYANG TATLONG CAPATID NA PAUANG LALAQI.

(*Carugtong.*)

—Oo,t, sa ilalim nitong talinghagang ito ay sasaysayinco sa iyo ang mga dinalita cong hirap mulang paguiguing tauo:

Tantoin mo, mamâ na aco,i, anac nang dugong mahal, at ang napangasawa co,i, aquing casing uri at casing isa din sa camahalan pagca guinoo, cayamanan at pag ugali; ang aming malayao na pagsasama at pag sisintahan ay nagsupling ng dalauang cambal na lalaqui, at bucod dito,i, isapang lalaqui rin, na caligaligaya ang tindig, malubay mangusap, malambing ang quilos, at cabatang bata pa,i, matalas na ang bait. Sa guitna niyong matahimic naming pag susunuran at pagmamahalan ng cabiyac ng dib-dib co,i, gumaua ng sirat, nagsabog ng tinic ang demonio sapagca,t, isa cong bayao, na bao na mahal sa asawa co, palibhasa бага,i, capatid niya, ay nahila ng tucso at naulol sa aquing, na saan man aco paroon ay aco,i, sinusundan-sundan ng libhim at hinihicayat sa pag-lililo sa aquing casi; palibhasa naman aco,i, dili eulang ng bait at tapat na loob; ay sa catacutan cong cun yao,i, mahayag ay pilit magcacasamaan ng loob at, dili malayong ito,i, pagbuhatan ng camay ng aquing sintang asawa, ay dico na inolual sa caniyang mga pihicang tainga ang tanang nangyayari, na iquinacucutya cong sabihin, at dahil na tangi sa malalagay sa pangamba ang balisa cong buhay, ay madudungisan pa mandin ang puri ng aquing bayao, na бага mat, aco,i, guinayon ay mahal din sa puso co; ang minagaling cong paraan na icaliligtas sa madlang sigalot na nagbabalang gayon sa aquin, ay ang aco,i, lumayo,t, mangibang bayan muna hangang sa mapayapa ang alab ng pag nanasa sa aquing camay niyong aquing bayao, na naguing dahil nitong madla cong cahirapan; aco,i, nagdabilan, at cunua,i, may napaquita sa aquin sa bungang tulog na isa sa mga macapangyarihang dioses sa Olimpo, at aco,i, pinag utusang umalis sa aquing bayan, at ipag sama co ang dalaua cong anac na cambal, at cun dili gayo,i, pipisanan coming tatlo at magcaramaydamay sapagca parool.

Ang nacabuti nama,i, pinaniualaan aco ng aquing irog, pinabaunan ng tanang cong cailangan, pinasamahan sa ilang bataan namin, at pinahintutulang macapagtuloy ngunit,t, oh! sabihin co sa iyo ang aming panangisan, na ng aco,i, nagpapaalam na,i, dili cami nagcabitobitio, at ang lalo pang isinasaquit ng loob co,i, mauualay sa caniyang maligayang titig dahil lamang sa pagca ayao cong ihinga ang libhim na nasusugian sa aquing pusong natitiguib ng capighatian: inihatid niya aco sa lual ng bayan hangang sa maligayang sadseran doon sa masayang ciudad ng Roma, at dito,i, may dinatnan coming isang malaquing daong na talagang tutulae at ang tungo,i, sa Atenas: aco,i, lumulan at pinag-uan na ng tanang naghatid sa aquin na mga camaganac at caibigan, na aquing paraparang naalaala at quinaacuayan samantalang cami,i, napapalayo,t, napapalaot, at sila nama,i, tatanao sa aming anaqui,i, nanga lulumbay buhat sa pangpang. Sa di nag-lulubay at pasulong ng pasulong naming pag-lalayag ay cami ay ualang dinamdin na sa caragatan, hangang icatlong arao, na cami,i, marami ng dinaang pulo at nilampasang bayan, at malayo na sana ang aming dinarating na caringat-dingat ay biglang sa sasama ang panahon, na nag culimlim ang langit, nagsilaqui ang alon at binuntal na cami magcabicabila ng magcaauay na hangin; umunos cumidlat ng catacot-tacot, na ang acala co,i, catapusan na ng mundo; humanda na coming lahat sa camatayan, na nagsisipananngina lahat, laluna nang simpocan nang tubig ang aming sasacyan, nabali ang mga albor nagcauindang-uindang ang mga layag at cami,i, biglang ibayo ng magasauang alon sa isang bunduc-bunducang bato na tumubo sa ilalim ng dagat, at siyang pagcabasag ngaming daong na nagsitapong lahat sa tubig ang lulan at ang dili marunong lumangoy sa amin ay ng ualang capitan ay sa isang quisap mata,i, nanga tabunan ng alon, at mga ulo na lamang ang naglutang na aquing napanood, ng aco,i, mapahaguis at casunod co,i, isang malaquing putol na cahoy, na dumagan dito sa camay co samantalang aco,i, nacacapit doon sa matatalim na batong buhay, ay ang acala co,i, dina aco pagsasaulan ng hininga, at nagbabatis ang dalaua cong mata, hangang mapagabi at magulol ang pagcalingatong ng dagat na uala bagang pag-lulanan athalos magputoc ang dibdib coto-uing mapag-uari co ang gayong pagcapangan-yaya.—Ay! mga bunso cong liyag—anaquin



—saan na cayo naroon, at di na niniyo quinahabagan ang inyong ina? Doon sa oras na calaguim-laguim ay uala acong malaman pagpuclan ng aquing malumbay na panambitan, at samantalang dumarahas ang sigua at nagnngitngit ang langit, ay sinisisi co ang sariling bubhi, di lamang ang asaua co—anaquin—cundi sampo naman ng aquing irog na bayao, at cung matanto nila yaong mapag-lao cong calagayan, ay pilit matutunao sa hapis ang canilang pusong quila-bot ng tigas. Oh! saquit na labis ng bangis poh palad cong napacasau! ano pa ang halaga—ang uica co sa sariling loob—nitong aquing buhay cundi co na muling maquiquita ang dalaua cong anac!—nguni, t, sanda-saudaling parang tumatahimic niyon ang puso co sa maala-alala co lamang, na cung mau-maga at mag-liuanag, ay maiisban na aco niyong matinding dusa, sa pagca, t, pilit, anaquing. magbibigay caaliuan sa aquin ang maquitang maquita co lamang ang bangcay ng aquing mga mutya; aco, i, napasasalamat, at camay co na lamang ang nalahang ng sugat, at dili anaquin ang dibdib o muc-ha co ang nabasag doon sa matatalim na batong buhay bagama, t, manaca-nacang ibig co ng bumulusoc na magpacalunod, at ng mabigyang hanga na lamang ang antac ng aquing mga sugat, na parang tinadtad ang aquing catauan. Nagbucang liuay-uay, at ng anyong aangat sa silanganan ang arao, ay siyang pagca payapa ng dagat at pag-liuanag na agad uala na ang dalaua cong anac, at ang tanan cong casacay at cun saan na ipinadpad ng alon, at uala na acong namasdan cun di langit at tubig, at sa dacong malayo, i, aquing nabanaagan ang masayan dalampasigan nito ngang pulo at banyang ito; at pagca tanao co ng nangangaboc-ngaboc na bobida ng maraming bahay, at ng mga palalong torre nitong daquiang castillo, ay aco, i, natoua, t, aquing maala-alala ang ma-carangalan ng aquing linac-hang ciudad at caharian. Mapamaya-maya, i, aco, i, nilapitan ng isa sa maraming bangca ng mga mamamalacaya, na bagong calalabas at aquing tinauagan ipinaquisacay naman acong dalidali at cami, i, napa gaui sa pampang na ito at dito aco sinalubong ng mga asaua, t, anac nitong nagsipag-ligtas sa aquin: para silang nanga hambal, at cami, i, nag-iiyacan hangan sinasalita co ang tanang napagsapit naming mag-iina, at pagcatapos ay aco, i, binigyan nila ng bihisan, sa sapagca, t, aco, i,

totoong babad na magdamag at nangangato na sa guinao, inaalio aco ng iba, at nagcpit-capit sa aquin na aco, i, pinag-lilibutan, at isa, t, isa, i, nag-aanyaya sa aquin at aco, i, ipinagsama sa canilang bahay: uala acong maalamang sundin, at muli, t, muli ang aquing pasasalamat bagama, t; di rin nababahao pa ang sugat ng puso cong gaua ng hapis, at sarili cong camang-mangan; nguni, t, ang pinaquisamahan co, i, isang babaying matanda at duc-ha na nagca asaua din ng isang marinero, at mulang mabauo, ay di na muling napacasal, dahil sa malaquing pagsinta niya sa namatay na irog; malaon ng nagsasamang parang magcapatid at nagdadamay sa ano mang gagauin at mga dinaralatang cahirapan, nguni, t, siya, i, agad nagcasauit na hangang ngayo, i, lumpo, at mahina, na anaquing inaalagaan; aco nama, i, tiguib calumbayan dahil sa casalatan namin sa madlang bagay, at ni ipagpauing gutom cami, i, uala, na ang cadalasa, i, sumasala cami sa oras na dalaua, para na nga ngayon, na di pa cami tumitiquim ng agahan, caya aco, i, narito na namang manghihingi ng limos sa pintoan nitong palacio, at baca may sa daraang mahabaguin sa duc-ha, na aquing madulugan.

Malaqui ang touang tinamo ng puso ni S. Pedro sa gayong nacahahambal na historia, at aniya, i, niyong arao na yao, i, taang talaga sa pagcatatoua, at capalad-palaran manding totoo cun ang babaying capanayam ay maguing ina ni Clemente, at cumaba-caba pagdaca ang caniyang dib-dib, at quinauit sa camay ang caniyang causap, na pinatitigang halos maguulid sa mata ang caniyang mga luha, at tumanong ng ganito.

—Icao бага, tabi, i, sino, ano-ano ang pangalan ng iyong dalauang anac na cambal, at alin ang bayang iyong tinubuan?

Siya nama, i, naraig niyong cahihyang cacaniyahan ng mga babayi, na sa paga-yong anyo, i, iquinacutya niyang ipahayag ang caniyang tunay na pangalan, at sinabing siya, i, taga caharian ng Siria, tuloy pinagtauag ng ibang pangalan ang caniyang asaua at mga anac.

—Oh babayi maanong mag uari-uari cat, bawin mo iyang naipangusap, sa pagca, t, cundi aco nagcacamali, i, ngayong mabibihis ang tanan mong caairapan. at tayo, i, sasa ligaya, cun бага magcatotoo ang cutog ng loob co na icao ay ina ng isang maganda, t, pantas na binatang aquing casama, na taga Roma, at may pinagsabi sa aquing



bagay na nacacahanig niyang tanang sinasaysay mo sa aquin, at ang naiba nga lamang ay ang mga pangalan at ang bayan.

—Tunay бага? Salitin mo nga naman ngayon sa aquin at icatotoua cong paquingan.

Dito sinalitang lahat ni S. Pedro ang buhay ni Clemente, na pagca banguit niya ng pangalang ito, o niyong sa binatang caniyang casacay sa daong, ay biglang nalugmoc at naualan ng diwa yaong babayi sinapupo naman siya, t, binangon ni San Pedro, at ng nacamalay na ng pagcatao, i, dito siya nanambitan ng calnuos-lunos at ang uica, i,:

—Poon co, t, ama, aco, i, iyong patauarin dito sa nagana cong casalanan; at tantoin mong ang binatang iya, i, anac co, at aco ngang maralitang na saharap mo, i, siya niyang ina, na dala ng pagcababayi at capalaluan co, at sa pagca masid co sa sariling caralitaan ngayong mga panahong ito, ay iquiacutya cong ipamalay sa iyo ang tunay cong pangalan, at ang sa asaua co, t, anac, sampon ng tinubuan cong baya, t, caharian. Oh! ito ang masaclap na bunga ng gauing pagsisinungaling at ng maibangon lamang ang puring napanganyayal ay!; nguni, t, alang-alang sa Dios ay mahabag ca sa aquin ang quinadoroonan ng mutya cong anac upan ding sa suhay ng caniyang malayao na titig ay macapangapit yaring nagsisipangatog cong tuhod sa catandaan, at ito, i, pangaco cong sucat na ang ga lisa ng caniyang laman ang aquing masilip, ay aco, i, magsasauli sa bata, t, patay na mabubuhay ngayong para mo nang naquita.

—Oo, t, maquiquita mo siya ngayon din—ang tugon ni S. Pedro—hayo, t, bumangon ca at sumama ca sa aquin.

At alipala, i, quinauit siya sa camay at inacbayan ni S. Pedro, dahil palibhasa siya, i, matanda na at mahina pa ay nagcailangan nganing acayin. Tinungo nila ang daongan na quinasadsaran ng sasacayan, at dinatnan naman nila dito ang lahat ng sacay, na catutugpa pa lamang galing ding sa bayan, na para-parang nang totoua at nagtatanungan ng bagay na pinaca maririquit sa canilang mga panood na mga edificios doon sa Arado: mana, i, natanauan nilang dumarating ang canilang Maestro, at may inaalalayang isang matandang babayi; at sa pagca nga biglang lumundag sa pampaug si Clemente, t, siyang cauna-una-

hang sumalubong at ticang hahalinhan o totouangan niya si S. Pedro, ay ang uica nito doon sa babayi.

—Itong dumarating na ito ang anac mo, ito at dili iba si Clementeng taga Roma, na siyang may salita sa aquin ng tanang sinaysay co naman sa iyo.

## MGA BALITA

Di anhin ang sabihan sa Annapolis ay si nuboc sa Arsenal doon cung alin ang lalong matibay na mabuting ibalot sa mga vapor na pangdigma: caya, t, macadalauangpuong quinaon ang baua, t, isa sa limang sumusunod na ganito ang nilitauan: ang pulos na acero ay nagca durog-durog; ang acerong may nikel ay nagca butas-butas lamang; nguni, t, ang nikel harvey ay hindi naano cundi nadudurog pa ang bala pag-abot sa caniya.

—Ang sabihan sa Barcelona, picilit na pinapag-laliyong ang lahat ng mason ng mga capoua nila masong nag-lalaliyong.

—Ibinabalitang sa Berlin ay naghayag ng isang casulatan ang isang dama de honor ng emperatriz sa Alemania na pinagcaguluha, t, quicagaitan ng matataas na tauo doon.

Ang naturang dama ay isang condesa ang ngalan ay Bolow Dennewitz at *La falsa moral en la vida moderna de las mujeres* (Cabaitang paimbabao sa panahong ito nang mga babayi) ang ngalan ng inihayag na casulatan. Dito, i, hinihingi ng condesa na limang taon lamang magsasama ang mag-asaua at mababago sa gayon ding caluat cung guinugusto.

Umaayon ang condesa sa pagsasama ng di casal. datapoua, t, catungculan ng ama na quilalanin at turuan ang mga anac at apo sa pagsasamang di casal.

Sa icalauang casulatan, ay siusumang ng condesa ang mga bagong palacad ng emperador at totoong nagpapaquilalang lubgang nagnngingitngit.

—Cailan caya tayo magcacaron ng gayong babai?

—Inihayag niyong martes sa *Gaceta* ang autong inilagda ng Sala tercera ng Tribunal Supremo de Justicia sa causa criminal na guinawa sa Audiencia dahilan sa sumbong ni D.a Juana Goco, ngayo, i, heredera niya na si D.a Esperanza Goco, laban cay D. Francisco Murube y Galao at iba pa sanhi sa mga salang falsedad at pagpiit na laban sa



matuid, mga salang quinapitan ng sumusunod na hatol:

«Binabacbac ang sala at pinatawad tungcol sa casalanang falsedad na hinihinalang guinaua sa inventario nang mangga pag-aaring inangquin ó quinuha sa bahay ni D.a Juana Goco, bausin ang icatlong bahagui ng mga costas na dapat magugol hanga ngayon; caya sa bagay na ito ngayon pa lamang ay calagan na tungcol sa nauucol sa naturang casalanang at cing sacaling di dapat mamalaguing bilango sa icalauang casalanang ang lahat ng may sala na sila D. Francisco Murube, y Galan, D. Vicente Santos Cruz y Geronimo, D. Cipiriano Lais S. Pedro, don Manuel Villalba y Amores, D. Ramon Sanchez Ferrer, D. José Martin y Matute, don Genaro Teodoro y Reyes at D. Dimas Naval y Bautista, gayon may tuloy rin ang pagcabilango ng tatlong nauna na siyang pangulo sa causa ng unang casalanang falsedad na dahil dito, i, itinagpus na ang causa: para sa pagbigay alam sa canilang lahat at madaling pagpapaula, ay magpadala ng eatutuhanan ng autong ito sa Magistrado nang Audiencia sa Maynila, D. José García de Lara, pagcat, siya ang tanging Hucom na nagpanucala ng sumario.....Pinagcaisahan at pinagpirmahanan ng mga Guinoong nacatitig sa guild.—Antonio Maria de Prida, Juan Francisco Bustamante, Federico Melchor y Lamanette, Mariano Die, Juan N. de Undabaytia, Daniel Rodriguez ang Magistrado D. Victoriano Hernandez inihalal sa sala at di nacafirma si don Antonio Maria de Prida, Licenciado Carlos Bonet.»

—Inihayag niyong *Gaceta* ng martes ang paghahalal sa mga casunod na Jueces de Paz. Balang D. Hermogines Marcó.—Juez de Paz. Id. D. Ignacio Naval.—Sustituto. Abucay.—D. Rafael Ganzon.—Juez de Paz. Id. D. Nicolás de la Fuente.—Sustituto. Mariveles.—D. Basilio Villanueva.—Juez de Paz.

Id. D. Benjamin Castillo.—Sustituto.

Orani.—D. Hipólito Oliveros.—Id.

—Sa napapaso ang mabute ay capitan ng isang copang colodion ang lugar na maysaquit at tacpan ng basahang malinis puti at tiyó,

—Sa iba, t, ibang balitang galing sa Roma ay casali ang sumusunod: Ang Papa ay umasisti sa Consistorio público, at mahinangmahina ang voces ng mangusap, nguoi, t, maliuanag at malacas ang catauan.

—Nabasa namin sa isang periódico sa

S. Sebastian: «Camacalaua sa hapon ay pinapansin sa Irun ang isang taga ibang lupa na may putong na sombrero ng señora, na marahil ay sinadiya upang huag bumayad ng buis. Caya ng maquitang magdaan nang mga guarda ay pinagtauanan na lamang at di quinoibo. Ang gayo, i, isang magaling na paraan upang huag masita.»

—Ang mangingisdang vapor *S. Pedro*, niyong miércoles ng hapon ay dumating na isang daan at anim na puong isdang malalaki at sariua ang taglay; at naghalaga ng labing-apat at labing-limang sicapat ang ba-  
uat piraso.

Mangisda naman tayo.

—Ipinagalis ng mga may ari ng café sa Paris ang bigotes ng canilang mga sirviente.

Ang gayong bagay iquinahalay ng mangga binata at iniluha ng mga babai pagcat, lubhang quinalulugdan nila ang bigote ng canilang novio ó asaua.

—Tinatawag ng Juzgado sa dacoong Amihanang ng Madrid ang mga may carapatang magmana cay D.a María de la Salud Tuason y de la Rosa, tubo sa Mariquina, na namatay sa tatlong puo, t, isang taóng edad niyong 2 ng Mayo ng 1890, upang ipaquilala ang canilang catuiran sa loob ng dalauang buan.

—Niyong Noviembre ng nacaraan ang isang hermana de la Caridad sa convento ng Levallois Perret, ay pumayag na laplapin ang balat ng caniyang isang brazo upang itapal sa nasunog na brazo rin ng isang batang lubhang nahihirapan.

Ang naturang hermana ay nagnangalang Cecilia.

—Si Yoangka, marunong na taga Japon, ay nagharap sa caniyang Emperador ng isang bagay na lubhang mahirap masunog, upang gaging pangbalot sa mga bahay. Nababana na parang lastico ang naturang bagay at napatitigas namang parang bato cing ibig. Hindi pa inihahayag cing ano-ano ang pinagtahalo-halo.

—Lahat ng Gobernador civil at Político Militar ay may capangyarihang magparusa at magpamulta, ayon sa pasiya ng párrafo 21 ng art. 6.o ng Real Decreto niyong 5 ng Marzo ng 1886.

—Minsa, i, naisipan ng isang emperatriz sa Austria na ipadala sa Viena ang lahat nang gigante at enano ng Alemanía.

Ang naturang tauo, sa cagustuhan ng emperatriz ay pinagpisun-pisan sa isang bahay, at isang medicong francés na nagnangalang



Guy Patin ang siyang namamahala, na tootong malaqui ang pag-iingat niya at baca bagabaguin ng mga gigante ang mga enano: nguni,t, ang nangyari ay ang malalaqui ang inapi ng malilit.

Ng macaraan ang gayon ay tila pinagtiti-bay na ang mabababang tauo ay sagana ang isip; nguni,t, hindi gayon, uala sa laqui ni sa liit ng catauan ang taas o icli ng pag-iisip. Mahiguit ng dalauang daang taong nang-yari ang bagay na yaon.

Natagpuan ang mga buto ng martir na si S. Fortunato sa palacio ng mga Conde de Redando, sa Lisboa. Itong Santong catauan ay alay na tinanggap sa Roma ng mga canunuan ng Condeng napapanahon; nguni,t, nalimutan ang caniyang mula dahil sa caramihan ng sacunang nilangap ng angcang ito.

—Catoua-toua ang sumusunod na balita:

Sa pagdalao ni Federico II de Prusia na casama ang capatid niyang Enrique sa convento sa Silesia, bago umalis doon ay tinanong ang P. Guardian cung mayroong ibig hingin.

—Oo, po—ang sagot ng fraile,—ipinamamhac co po sa camahalan mo, na itulot ninyong aco,i, macatangap sa conventong ito ng dalauang novicio taon-taon, tangi sa bawal ng ley.

—Itinutulot co po sa inyo,—ang sagot ng Emperador—at gusto cong aco ang magpadalang una ng dalauang noviciong inyong tangapin.

At nilingon ang capatid at sinabi sa uicang frances, pagca,t, ang acala,i, di mauauatasan ng fraile ang sumusunod:

—Magpapadala aco ng dalauang asno sa hangal na ito.

Nguni,t, ang Guardian la lubhang pantas natatantong mabuti ang caseragatihan nang monarca, ay sumagot ng ganito:

—Yamang cayo,i, lubhang mauuain, ay pangangahasan co pong humingi sa inyo ng isa pang bagay, na ipagcaloob mo po sanang sa dalauang noviciong inyong ipadadala, ang isa,i, babansagan co ng ngalan ng Inyo pong Camahalan at sa isa,i, ang ngalan ng inyong capatid.

Nagtinginan ang magcapatid at di na-caquibo.

—Sa loob ng mahabang panahon ang mga bahay na itinatayo sa Lóndres ay labing-isang libo taon-taon o siam na raan buan-buan.

Dito sa huling buan ng Marzo, ayon sa sabi ng Censo ng poblacion, ang bahay sa Lóndres ay pitong daan pitong puo,t, isang

libo, apat na raan at labingtatlo, na tinatahanan naman ng limang millon at ualong daang libong tauo.

—Pinag-uusapang taglay ang catotohanan na di malalao,t, magcacaron ng luz electricang pauupahan ng mura sa may gustong gumamit gabi-gabi sa canilang bahay,

—Sa mga balita ng *El Comercio*, na galing sa España, ay sinipi namin ang casunod: «Guinupit co sa isang periódico itong balitang nauucol sa *Asociacion Hispano-Filipina*.

«Pinili ng junta general ng *Catipunanang España,t, Filipinas* ang sumusunod na juntang magpapanihala: Presidente, D. Miguel Moraita; vice-Presidentes, Sres. D. Felipe de la Corte, D. Antonio Balbin de Unquera at D. Luis Vidart; tagapagingat ng cuarta, D. Flabiano Cor de Cruz; Secretario general, D. Eduardo de Lete at anim na vocales. Ang gaganap na pulutong ay ang presidente, ang secretario at ang mga guinooong vocales na si D. Marcelo H. del Pilar y Gatmaytan, D. Manuel Labra at D. Mariano Ponce.

«Ang *Asociacion* o *Catipunan*; na itinataganang magdulot ng madlang cagalingan sa Sangcapuluan Filipinas, sa madlang mahalagang pinagcayarian, ay minarapat ang maghain sa Cortes ng isang caraingan na dito,i, hinhihingi ibalic sa Filipinas ang caniyang catuiran na magcaroon ng Diputado na iayos sa calagayan ng metropoli at ng caniyang mga provincia sa Ibayong dagat Cuba at Puerto-Rico».

—Isang magandang dalaga sa Nápoles na may tipan sa isang binata na di gusto ng caniyang ama, ay sinungaban nito at ibinulusoc sa bintana pagca,t, ayao siyang pansinin ng casasuay; ang cahabag habag na dalaga,i, patay ng lumagpac.

Hinihingi ng boong bayang parusahan agad ang gayong gauang asal hayop.

—Ang boong binilog bilog ng Teviot sa Escocia, ay pinahirapang masaquit ng mga daga, na di macayanang lipulin ng camay at maapula ang paninira ng pananim. Sa isang pagoacatipon ng mga magsasaca, ipinalagay ng isa sa canila na ang pagcacagayon, ay buhat sa mapilit na pagpatay sa mga letsuza, at comadrejas na mangga ibong catutubong caauay ng mga daga; sa bagay na ito,i, pinagcasisahang ipagtagubilin sa mga tanod ng buquid na huag anhin ang mga ibong mababangis.



# TORRECILLA Y C.<sup>a</sup>

ESCOLTA, 17.—MANILA

*Almacen de tejidos y novedades de Europa.*

Se reciben por todos los vapores las últimas novedades de París, en artículos para señoras y caballeros.

Agencia y depósito de la acreditada

*Perfumeria del mundo elegante.*

GRANTALLER DE CAMISERIA

17.—Escala.—17

*Almacen ng sarisaring damit at ng bago,t, bagong uso sa Europa.*

Tumatanggap sa lahat ng mga vapor ng mga bago,t, bagong uso sa Paris na nanuol sa pananamit ng mga guinoong babae at guinoong lalaqui.

Pinagbibilhan at quinalalagyan ng bantog sa cagalingang

*Mga pabangô ng Mundo elegante.*

MALAKUING TALLER NA GAUAAN NANG sarisaring mariquit na baro.

17.—Escala.—17.

## EL PATRIOTA

**Fábrica de tabacos y cigarrillos**

ASUNCION N.º 6, BINONDO (ANTES ILANG-ILANG 10-)

Telefono n.º 223

La bondad y baratura de mis tabacos elaborados (en diferentes menas) cigarrillos y mascadas, lo dice el constante favor que recibo del público que á por fia acude á mi espendio, y las demandas de todas las provincias del Archipiélago, hasta del Extranjero.

Encarecer en esta lo añejo, y excelencia del tabaco Isabela, la elaboracion esmerada, papel superior expresamente encargado, todo es pálido, hasta ocioso decir, porque se recomienda á si mismo y es tan popular ya su fama.

Solo me queda hacer patente en ésta mi eterno agradecimiento á mis impeterritos favorecedores.

Ang buti at camurahan ng mga yari cong tabaco (n iba,t, ibang ayos) cigarrillo at mascada ay pinatotohanan ng ualang licat na pagsisicican ng dumadaló sa aquing tindahan at ng mga hinihingi sa lahat ng provincia nitong Sangcapuluan pati ng taga ibang lupa.

Purihin dito ang sarap at galing ng tabacong Isabela, ang calinisan ng yari, panguleng papel na sadiang ipinagbibilin ay pauang cabughauan at catamaran na lamang ang magsabi, pagca,t, ipinagtatagubilin ng sarili niyang buti at lubhang calat na ang pagcacabantog.

Uala na seong sucat gauin cundi ang ilimbag dito ang ualang hangang pasasalamat sa mga nagpapairag sa aquin

### PRECIOS CORRIENTES

	Ps.	Cent.		Ps.	Cént.
Regalias: en cajoncito en 50 cigarres el millar.	12	50	Regalias, 50 tabacos isang cajon ang isang libo	12	50
Idem, en atados, el millar.	10	"	Idem nabibigquis, ang isang libo.	10	"
2.a Habano en cajoncitos de 50 y 100 cigarillos, el millar	7	50	2.a Habano sa cajoncito na 50 at 100 cigarillos, ang isang libo.	7	50
Conchitas en cajoncitos de 50 id. el millar	5	"	Conchitas, sa cajoncito na 50 ang laman ang isang libo.	5	"
3.a Habano en atados en millar.	5	"	Mascadahin 6 tabacos isang bigquis, bauta,t, 100 bigquis.	5	"
Mascadas en atados de 6 cigarros, cada 100 atados.	5	"	Guinayat at minisua bauta,t, libra.	"	15
Picadura y hebra en libras, cada libra.	"	15	Cigarrillos alcoy ang papel guinayat at minisua, 24 ang laman ng caba, ang 100.	1	87 4
Cigarrillos papel alcoy en picadura y en hebra cajetillas de 24 pitillos el 100.	1	87 4	Idem papel china, 100.	"	93 6
Idem papel china el 100 de cajetillas.	"	93 6	ESTANISLAO LEGASPI Y RIVERA.		

## IMPRESA DE SANTA CRUZ

DE

D. JOSÉ DE JESÚS Y ROSARIO

EDITOR PROPIETARIO DE *La Lectura Popular*.

20.—CARRIEDO.—20.

IMPRESIONES DE TODAS CLASES

VARIADO SURTIDO

en papelería y efectos de escritorio.

## PLATERIA

DE

C. DE ALA

Se admite toda clase de trabajos en el ramo, como frontales, cupones, cálises y demás ornamentos de iglesia; bisutería fina etc. Se dora y platea sobre metales. Y se venden bastones de mando al estilo moderno etc.

Todo ejecutado con especial esmero, arte, prontitud y economía.

Imp. de Santa Cruz, carriedo 20,